




## Tamang Pagtapon ng mga Basura sa Bahay

Ugaliin ang paghihiwalay ng mga basura upang mabawasan ang pagdami nito at masuportahan ang pagrerecycle. (Tingnan ang mga nasa likod na pahina para sa karagdagang impormasyon)  
Para sa buong detalye ng araw ng pagkolekta, mangyaring tingnan ang mga nakasaad sa "Iskedyul ng Pagkolekta ng mga Basura sa Bahay", o bisitahin ang homepage ng Lungsod ng Higashihiroshima.

Uri	Bagay/Aytem	Paalala	Lalagyan
Nasusunog 燃やせるごみ	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga basura sa kusina (Basura galing sa mga gulay, tinik ng isda, mga shell ng itlog, mga shell na wala nang laman, at iba pa)</li> <li>Mga basura galing sa halamanan (mga sanga ng kahoy, dahon, damo at iba pa)</li> <li>Papel, tela (diaper na gawa sa papel, damit, malalambot na laruan at iba pa)</li> <li>Goma ( Sapatos na gawa sa balat, tsinelas, hose na gawa sa goma, bola, handbag, maliliit na bag at iba pa)</li> <li>Mga bagay na gawa sa Vinyls (Mga spongha, mat sa paliguan at iba pa)</li> <li>Iba pa (aluminum foil, ice packs, hand warmers o pampainit sa kamay at iba pa)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Patuyuing mabuti ang mga basurang pangkusina.</li> <li>Basagin o putulin muna ang mga malalaki o mahahabang bagay o balutin muna sa lumang papel.</li> <li>Ilagay muna sa tela o lumang diaryo ang mga langis na ginamit sa pagluluto para masipsip ito.</li> <li>Kung kaunti lng ang mga basura galing sa halamanan ay maari itong itapon sa mga bag o lalagyan ng basura. (Alisin muna ang lupa sa mga damo. Kung marami ang mga basura galing sa halamanan, kinakailangang dalhin ito ng direkta sa processing center ng basura.)</li> <li>Sa pagtapon ng diaper na gawa sa papel, ilagay muna ang dumi sa palingkuran.</li> <li>Ang mga bagay na gawa sa Vinyl at mga hose na gawa sa goma ay kinakailangang hatiin sa maliliit na hugis ng hindi baba sa 50cm bago ito ilagay sa lalagyan ng mga nasusunog na basura.</li> <li>Huwag ilagay o hayaang nakalagay ang mga metal, bote o lata sa lalagyan ng mga nasusunog na basura.</li> </ul>	Itinalagang Kulay ng Lalagyan ( kahel)
Landfill 埋立ごみ (mga basura na pwedeng ibaon sa lupa)	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga Salamin(Lalagyan na gawa sa salamin, plato na gawa sa salamin, mga botelya ng pampaganda)</li> <li>Mga Pottery ( plato, mga paso, mga bandehado na gawa sa pottery)</li> <li>Tadtaran na gawa sa plastik</li> <li>Bidy tape, kasete tape</li> <li>Pangsindi (kailangang ubusin muna ang laman)</li> <li>At iba pa (Abo, magnet, pang-ahit, at iba pa)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ang mga bagay na pwedeng makapunit ng lalagyan ng basura ay kailangang balutin muna sa lumang diaryo o dobleng lalagyan upang hindi masira ang lalagyan ng basura.</li> <li>Ang mga labaha o pang-ahit ay kailangan munang balutin at isulat and salitang "ケン" sa lalagyan nito.</li> <li>Kailangang ibabad muna sa tubig ang mga abo bago ito ilagay sa basurahan.</li> <li>Ang mga bagay na mas malaki pa sa mga itinalagang laki ng mga lalagyan ng basura ay kailangang itapon bilang "Malalaking Hindi-Nasusunog na Basura".</li> </ul>	
Nakalalason 有害ごみ	<ul style="list-style-type: none"> <li>Baterya</li> <li>Tube ng Fluorescent at Bombelya</li> <li>Termometro na may asugi</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Ibalik ang mga rechargeable at mga hugis butones na baterya sa mga tindahan ng mga di-kuryenteng aplayanses para sa pagrerecycle nito.</li> <li>Tiyaking hindi mababasag ang mga ilaw na gawa sa fluorescent, mga bombelya at termometrang may asugi sa pagtapon ng mga ito.</li> <li>Ang mga termometrang digital ay kailangang itapon bilang "Malalaking hindi nasusunog na basura"</li> </ul>	
Mga Plastik na pwedeng i-recycle リサイクルプラ	<ul style="list-style-type: none"> <li>Plastik, vinyls, styrofoam na may katulad na marka sa unang kolum (lalagyan ng itlog, plastic bag, mga tray na gawa sa plastic, mga takip na gawa sa plastic, mga lalagyan ng pagkain na gawa sa plastic, mga takip at label ng mga botelyang PET, mga lalagyan ng sabon o shampoo, styrofoam at iba pa)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Gamitin lahat ng laman, hugasan ang lalagyan, at tanggalin ang lahat ng dumi.</li> <li>Ang mga bagay na hindi kayang malinisang mabuti at hindi maalis ang mga tirang pulbos sa loob ay kailangang itapon bilang nasusunog na basura.</li> <li>Paghatihatiin sa maliliit na piraso ang mga malalaking bagay at ilagay ito sa isang bag.</li> <li>Huwag doblehin ang bag ng mga basura.</li> </ul> <div style="text-align: right;">  </div>	Itinalagang Kulay ng Lalagyan (kulay-lila )
Botelyang PET ペットボトル	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga botelya ng inumin, alcohol, sawsan at iba pa na may katulad na marka sa unang kolum.</li> </ul> <div style="text-align: center;">  </div>	<p>【Paraan ng pagtapon ng botelyang PET】</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Tanggalin muna ang takip</li> <li>Tanggalin ang label</li> <li>Hugasan ang botelya</li> <li>Yupiin hanggang sa makakaya</li> </ol> <ul style="list-style-type: none"> <li>Ang tinanggal na takip at label ay kailangang itapon bilang plastik na pwedeng irecycle.</li> </ul> <div style="text-align: right;">  </div>	
Bote, Lata ビン・缶	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga bote</li> <li>Mga lata</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Huwag na huwag itapon ang mga bote o latang mayroon pang laman.</li> <li>Itapon ang mga malalaking bote, palayok, at kawali bilang "Malalaking hindi-nasusunog na basura"</li> <li>Maaring ilagay ang mga bote at lata sa isang lalagyan lamang.</li> </ul>	
Pahayagan 新聞	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pahayagan</li> <li>※Kasama ang mga polyeto o flyers</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Pagpatungpatungin ang mga papel sa taas na 20cm at talian ito ng mahigpit. Huwag gumamit ng gomang tape o bag at iba pa bilang pantali dito.</li> <li>Kung mayroon kang bigkis ng mga flyers lamang, itapon ito kasama ang mga magazines.</li> </ul>	
Iba pang uri ng papel 雑誌 雑紙 ダンボール Karton	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga magazine</li> <li>Iba pang uri ng papel (kahon ng minatamis, porma, papel na pambalot, kahon ng gatas, bag na papel, kalendaryo, kahon ng tisyu, at iba pa)</li> <li>karton</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghiwalayin ang ①mga magazine at iba pang uri ng papel, ②karton at talian ito.</li> <li>Pagpatungpatungin ang mga magazine at iba pang uri ng papel sa taas na 20cm at talian ito ng pa krus.</li> <li>Alisin ang mga klip, plastik, mga CD, at iba pa na pwedeng nakaipit sa mga magazine at iba pang uri ng papel o karton.</li> <li>Tupiin ang mga karton sa laking hindi lalagpas sa 50x50cm bago ito pagpatungpatungin upang itali ng pa krus.</li> <li>Ang mga papel na sensitibo sa init (resibo, fax, at iba pa), kopyang karbon, larawan, mga papel na sadyang ginawa upang hindi mabasa, papel na pinahiran ng aluminum o vinyl, mga postkard na nakalamina, at mga ginto at tansong papel ay kailangang itapon bilang "Nasusunog na basura".</li> </ul>	Pagsamasama hin at talian (Huwag ilagay sa plastik bag)


Uri	Bagay/Aytem	Paalala
Malalaking Nasusunog na Basura 燃やせる粗大ごみ	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mwebles na gawa sa kahoy (aparador, mesa, upuan at iba pa)</li> <li>Kama (kasama ang mga di-spring)</li> <li>At iba pa (karpet, bag sa golf, sofa at iba pa)</li> </ul>	<p>&lt; Ang laki ng mga bagay ay kailangang mas mababa sa 180cm×100cm×200cm &gt;</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Tupiin at talian ang mga futon, kumot, carpet, reed screen, at iba pa. Itapon ang mga carpet na pwedeng painitin bilang "Malalaking hindi nasusunog na basura"</li> <li>Tanggalin muna ang anumang salaming nakakabit sa mga kasangkapan at itapon ito bilang basurang Landfill o pwedeng ibaon sa lupa. Itapon ang frame ng salamin bilang malalaking nasusunog na basura. Kung ang aytem ay mas malaki sa itinalagang lalagyan ng basura, itapon ito bilang "Malalaking hindi- nasusunog na basura"</li> <li>Tanggalin ang salamin sa frame nito at itapon ito bilang "malalaking hindi nasusunog na basura"</li> <li>Tanggalin ang anumang metal na nakakabit sa kasangkapan at itapon ito bilang "Malalaking hindi nasusunog na basura".</li> </ul>
Malalaking Hindi Nasusunog na Basura 燃やせない粗大ごみ	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga elektrikal na kasangkapan (Hindi sakop ng batas sa pagrerecycle)</li> <li>Metal (Kawali, takore, payong, at iba pang uri ng kasangkapan na gawa sa metal)</li> <li>Mga salamin</li> <li>Bisikleta, Traysikel, at iba</li> <li>Matitigas na bagay na gawa sa plastic (stapler, CD, DVD, at iba pa)</li> <li>Mga tangke o lalagyan na gawa sa plastik</li> <li>Iba pa (laruan, helmet, water jug, at iba pa)</li> </ul>	<p>&lt; Ang laki ng mga bagay ay kailangang mas mababa sa 150cm×120cm×200cm &gt;</p> <p>※ Ang mga sumusunod na bagay na sakop ng batas sa pagrerecycle ay hindi maaring itapon sa mga lokal na pagkolekta ng basura o kahit na sa mga lokal na processing center ng mga basura. Mangyaring komunsulta muna sa mga tindahan na pinagbilhan nito. Halimbawa nito ay mga Aircon, TV, Refrigerator, Freezer, washing machine, dryer, kompyuter.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Huwag lagyan ng kung anu mang bagay ang loob ng malalaking lata, laglagyan, at iba pa.</li> <li>Siguruhing naalis na lahat ng mga gas at baterya ng mga heater upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagsabog o sunog.</li> <li>Ilagay ang mga maliliit na bagay tulad ng laruan, pako, sipilyo, at iba pa sa isang transparent,translucent na plastic bag.</li> <li>kanselahin muna ang rehistro ng pagsugpo sa pagnanakaw ng bisikleta bago ito itapon.</li> <li>Ibalik ang mga lumang teleponong selular at mga aksesorya nito tulad ng baterya at charger sa pinagbilhan nito o sa pinakamalapit na tindahan nito.</li> </ul>

※ Para sa araw ng pagkolekta ng mga malalaking basura  
 Ang mga pook tulad ng Saijo, Hachihonmatsu, Shiwa, at Takaya ay mayroong sariling sistema ng pagkolekta ng basura. Tingnan ang mga lokal na pahayagang palihan para sa detalye. Sa mga pook tulad ng Kochi, Kurose, Fukutomi, Toyosaka, tingnan ang eskidyul sa pagkolekta ng basura para sa detalye.

※ Maari ring dalhin ang mga basura sa bahay (kasama ang mga malalaking basura) ng direkta sa processing center ng mga basura.

**Mga Paraan ng kusang pagdala ng mga basura sa bahay (malaki at maramihan) ng direkta sa processing center**

Taong magtatapon ng basura (Naninirahan sa Higashihiroshima)	<ul style="list-style-type: none"> <li>Paghiwihalayin ang mga basura ng tama at ilagay sa mga itinalagang bag para dito (maliban sa mga malalaking basura na hindi kayang mailagay sa mga itinalagang lalagyan)</li> <li>Siguruhing dala ninyo ang mga dokumentong magpapatunay ng paninirahan sa Higashihiroshima (tulad ng lisensya sa pagmamaneho at iba pa)</li> <li>Dalhin ang inyong mga basura sa wastong processing center, tulad ng nakalarawan sa kanan.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>Nasusunog na basura</li> <li>Malalaking nasusunog na basura</li> <li>Pahayagan</li> <li>Magazine, karton, at iba pang uri ng papel</li> </ul>	<p><b>Kamo Environmental Sanitation Center</b></p> <p>10766-1 Kami-Minaga, Saijo-Cho                  082-426-0820                  08:30-17:00                  (sarado tuwing linggo)</p>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>Mga malalaking hindi nasusunog na basura</li> <li>Bote, Lata</li> <li>Botelyang PET</li> <li>Nakalalasang basura</li> <li>Plastik na pwedeng irecycle</li> <li>Basurang Landfill</li> </ul>	<p><b>Kamo Environmental Center</b></p> <p>427-24 Kunichika, Kurose-Cho                  0823-82-6499                  08:30-17:00                  (sarado tuwing linggo at pista opisyal)</p>	



**Mga bsurang hindi kayang pangasiwaan ng lungsod**

• Ang mga sumusunod na bagay na sakop ng batas sa pagrerecycle ay hindi maaring itapon sa mga lokal na pagkolekta ng basura o kahit na sa mga lokal na processing center ng mga basura. Mangyaring komunsulta muna sa mga tindahan na pinagbilhan nito. Halimbawa nito ay mga Aircon, TV, Refrigerator, Freezer, washing machine, dryer, kompyuter at iba pa.

• Ang mga basura sa konstruksyon, agrikultura (tulad ng kahon ng seedlings, bag ng pataba, at iba pa) bathtubs (FRP), motorsiklo, motor, makina, kable, yero, makakapal na bakal/asero, mold steel, mga drum ng langis na mayroon pang laman, lata ng pintura, lambat sa pangingsda, mga bagay na sakop ng batas ng pagreresiklo, mga basurang industriyal, at iba pa.

**Maramihang basura / basura galing sa paglilipat ng bahay**

Dalhin ang mga basura ng direkta sa processing center nito na itinalaga ng lokal na pamahalaan, o maghanap ng pribadong kompanya na may legal na permiso galing sa lokal na pamahalaan na siyang pwedeng magdala ng mga basura sa processing center nito. (Hindi sagot ng lokal na pamahalaan ang magiging gastos para dito)